Republic of the Philippines

# Department of Education

Region IV-A CALABARZON

ABUNDIO TORRE MEMORIAL ELEMENTARY SCHOOL

DIAGNOSTIC TEST

TABLE OF SPECIFICATIONS IN GMRC 4

| **Learning Competency** | **Item Placement** | **No. of Days** | **No. of Items** | **Percentage of Items** | **Remembering** | **Understanding** | **Applying** | **Analyzing** | **Evaluating** | **Creating** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Naisasabuhay ang pagpapahalaga sa sarili sa pamamagitan ng pagbibigay-halaga sa mga sariling kakayahan na wala sa ibang nilalang (hal. kakayahang magpasiya, umunawa ng damdamin ng iba) a. Nailalarawan ang mga katangian ng tao na nagpapabukod-tangi sa kaniya sa ibang nilalang. b. Naipaliliwanag na ang sariling kakayahang mag-isip at magmahal na natatangi sa tao ay magagamit niya upang mapabuti ang kaniyang mga gawi at** | Items 1-5 | – | 5 | 12.5% | 2 | 2 | 1 | 0 | 0 | 0 |

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **pakikipag-ugnayan sa kapuwa. c. Nakapag-aangkop ng mga kilos na nagpapakita ng kakayahang mag-isip at magmahal ng tao bilang bahagi ng kaniyang pagkabukod-tangi.** | | | | | | | | | | |
| **Nakapagsasanay sa pagiging matapat sa pamamagitan ng angkop na paglalahad ng tunay na saloobin sa mga kasapi ng pamilya. a. Nakakikilala ng mga sariling gawi ng mabuting pakikitungo sa mga kasapi ng pamilya. b. Napangangatuwiran an na ang mga sariling gawi ng mabuting pakikitungo sa mga kasapi ng pamilya ay tungkulin at pananagutan ng bawat isa tungo sa masaya at matatag na samahan. c. Naisasakilos ang mga sariling gawi ng mabuting pakikitungo sa mga kasapi ng pamilya na nagpapanatili ng** | Items 6-10 | – | 5 | 12.5% | 2 | 2 | 1 | 0 | 0 | 0 |

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **masaya at matatag na samahan.** | | | | | | | | | | |
| Naisasabuhay ang pagiging mapagpasensiya sa pamamagitan ng angkop na pananalita at pagtugon sa kapuwa nang may pagsasaalang-alang sa damdamin ng kapuwa.<br>1. Natutukoy ang mga aral na natutuhan mula sa pamilya kaugnay ng maayos na komunikasyon sa kapuwa,<br>2. Naipaliliwanag na ang pamilya bilang pinagmumulan ng maayos na komunikasyon sa kapuwa ay nakapaglilinang ng mga angkop na gawi o pagtugon sa pakikipag-ugnayan ng mga kasapi nito sa ibang tao.<br>3. Nailalapat ang mga natutuhan mula sa pamilya kaugnay ng maayos na komunikasyon sa kapuwa. | 11 - 15 | | 5 | 12.5% | 1 | 2 | 1 | 1 | 0 | 0 |

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Naipakikita ang pagiging masunurin sa pamamagitan ng mapagkalingang pakikitungo sa mga kasapi ng pamilya Nakapagpapahayag ng iba't ibang paraan ng paglalapat ng mga aral ng pananampalataya sa mga sitwasyon sa pamilya. Nakapagsusuri na ang paglalapat ng mga aral ng pananampalataya bilang gabay sa mga sitwasyon sa pamilya ay tungo sa malugod na pamumuhay Naisasakilos ang iba’t ibang paraan ng paglalapat ng mga aral ng pananampalataya sa mga sitwasyon sa pamilya. | 16 - 25 | | 10 | 25% | 2 | 3 | 2 | 2 | 1 | 0 |
| Naipakikita ang pagiging malinis sa pamamagitan ng pagtupad sa mga nakatakdang gawain ng paglilinis sa sariling tahanan at paaralan. | 26-30 | | 5 | 12.5% | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 0 |

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. Naisasabuhay ang pagiging matapat sa pamamagitan ng pagbabalik ng mga bagay na hindi kaniya, pagiging totoo sa salita, at gawa<br>2. Natutukoy ang mga gawain ng katapatan na umiiral sa pamayanan.<br>3. Naipaliliwanag na ang mga gawain ng katapatan sa pamayanan bilang indikasyon ng pananampalataya ay patunay ng pagsasabuhay ng mga aral ng kinabibilangang relihiyon o paniniwala. | 31-35 | | 5 | 12.5% | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 0 |
| 1. Naisasabuhay ang pagiging matapat sa pamamagitan ng pagbabalik ng mga bagay na hindi kaniya, pagiging totoo sa salita, at gawa.<br>2. Natutukoy ang mga gawain ng katapatan na umiiral sa pamayanan.<br>3. Naipaliliwanag na ang mga gawain ng katapatan sa pamayanan bilang indikasyon ng pananampalataya ay patunay ng pagsasabuhay ng mga aral ng kinabibilangang relihiyon o paniniwala. | 36-40 | | 5 | 12.5% | 1 | 1 | 1 | 1 | 0 | 1 |

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | | | | |
| **Total** | | – | 40 | 100% | 10 | 12 | 8 | 6 | 3 | 1 |

FIRST PERIODICAL EXAMINATION IN GMRC 4

NAME:______________________________ DATE:_______

SCORE:_______

**Panuto**: Basahing mabuti ang mga tanong at piliin ang tamang sagot**.**

1. Bakit mahalaga ang pagkakaroon ng kakayahang mag-isip at magdesisyon?
A. Upang magkaroon ng kapangyarihan sa iba
B. Upang makagawa ng mabubuting desisyon para sa sarili at sa kapwa
C. Upang maiwasan ang paggawa ng mali
D. Upang maging mas mahusay kaysa sa ibang tao
2. Ano ang ibig sabihin ng "pagpapahalaga sa sarili"?
A. Pagbibigay halaga sa sariling kakayahan at katangian
B. Pagkukumpara sa sarili sa iba
C. Paghingi ng papuri mula sa ibang tao
D. Pag-iwas sa paggawa ng pagkakamali
3. Paano mo maipapakita ang iyong natatanging kakayahang mag-isip sa iyong araw-araw na buhay?
A. Sa pamamagitan ng panggagaya sa ginagawa ng iba
B. Sa pamamagitan ng paggawa ng sariling desisyon base sa mga tamang prinsipyo
C. Sa pamamagitan ng pagsunod lamang sa mga kaibigan
D. Sa pamamagitan ng hindi pakikinig sa opinyon ng iba
4. Anong katangian ang nagpapabukod-tangi sa tao kumpara sa ibang nilalang?
A. Kakayahang lumangoy
B. Kakayahang mag-isip at umunawa ng damdamin ng iba
C. Kakayahang mabilis tumakbo
D. Kakayahang magbago ng anyo
5. Bakit mahalagang umunawa sa damdamin ng iba?
A. Upang makuha ang kanilang tiwala at pagmamahal
B. Upang magamit sila para sa sariling interes
C. Upang magkaroon ng kaaway
D. Upang ipakita na mas magaling ka kaysa sa kanila
6. Ano ang pinakamahalagang dahilan kung bakit dapat tayong maging matapat sa ating mga kasapi ng pamilya?
A. Upang makakuha ng mga bagay na gusto natin
B. Upang mapanatili ang tiwala at pagmamahalan sa pamilya
C. Upang maiwasan ang mga pagkakamali
D. Upang mapagalitan ang ibang miyembro ng pamilya
7. Paano mo maipapakita ang katapatan sa iyong mga magulang kapag hindi mo nais gawin ang isang bagay na ipinapagawa nila?
A. Hindi gagawin ang ipinapagawa at magpapanggap na tapos na
B. Sasabihin ang totoo sa iyong nararamdaman at makikipag-usap nang maayos
C. Magagalit at magtatantrum upang hindi na utusan
D. Iiyak upang kaawaan at hayaang hindi na gawin ang utos

8. Bakit mahalaga ang pagbabahagi ng tunay na saloobin sa loob ng pamilya?
A. Upang magkaroon ng sikretong mga plano laban sa iba
B. Upang mapanatili ang bukas na komunikasyon at masayang samahan sa pamilya
C. Upang ipakita na mas magaling tayo kaysa sa ibang miyembro ng pamilya
D. Upang makaiwas sa responsibilidad
9. Anong tamang gawin kapag hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng iyong mga magulang?
A. Lumabas ng bahay nang walang paalam
B. Makipagtalo sa kanila nang mataas ang boses
C. Ipahayag ang iyong opinyon nang mahinahon at magbigay ng mga dahilan
D. Ipagpilitan ang gusto nang hindi nagpapaliwanag
10. Ano ang epekto ng pagiging tapat sa mga kasapi ng pamilya?
A. Nagiging madalas ang pag-aaway at hindi pagkakasunduan
B. Nagkakaroon ng tiwala, respeto, at masayang pagsasamahan
C. Nawawalan ng halaga ang mga opinyon ng bawat isa
D. Nagiging palaging tahimik ang bahay
11. Bakit mahalaga ang paggamit ng angkop na pananalita kapag nakikipag-usap sa kapuwa?
A. Para makuha ang gusto mo agad
B. Para maiwasan ang hindi pagkakaintindihan at masaktan ang damdamin ng iba
C. Para matakot ang kausap at sumunod sa iyo
D. Para magmukhang magalang kahit hindi totoo
12. Ano ang pinakamahalagang natutunan mula sa pamilya tungkol sa pakikipag-usap sa ibang tao?
A. Maging palaging tama sa usapan
B. Magsalita nang malakas para marinig ng lahat
C. Gumamit ng mahinahong pananalita at isaalang-alang ang damdamin ng kausap
D. Iwasang makipag-usap sa mga hindi kilala
13. Paano mo maipapakita ang pagiging mapagpasensiya kapag may kausap na hindi ka nauunawaan agad?
A. Taasan ang boses para maintindihan agad
B. Pakinggan ang sinasabi niya at magpaliwanag nang mahinahon
C. Balewalain ang kanyang sinasabi at umalis na lang
D. Magalit para sumunod siya sa gusto mo
14. Ano ang epekto ng maayos na komunikasyon sa ugnayan ng mga kasapi ng pamilya at ng ibang tao?
A. Nagiging madali ang buhay dahil lahat ay sumusunod
B. Nakatutulong ito upang magkaroon ng mabuting relasyon at respeto sa isa't isa
C. Hindi na kailangan makipag-usap dahil naiintindihan na agad
D. Nababawasan ang responsibilidad ng bawat isa
15. Paano mo mailalapat ang natutunan mula sa pamilya tungkol sa maayos na pakikipag-usap kapag nakikipag-ugnayan sa ibang tao?
A. Gumamit ng salitang magalang at intindihin ang damdamin ng iba
B. Gamitin lamang ang magalang na salita kapag kinakailangan

C. Magsalita nang mabilis upang matapos agad ang usapan
D. Iwasan ang mga hindi mahalagang usapan para hindi masayang ang oras
16. Paano mo maipapakita ang pagiging masunurin sa iyong pamilya?
A. Gawin lamang ang mga utos kung gusto mo
B. Sumunod sa mga utos ng magulang nang walang reklamo
C. Magtago para hindi makita at mapilitang gumawa
D. Magreklamo bago sundin ang utos ng magulang
17. Ano ang dapat mong gawin kapag may hindi pagkakaintindihan sa loob ng pamilya?
A. Sumigaw para marinig ang iyong panig
B. Manahimik at huwag nang makialam
C. Gamitin ang mga aral ng pananampalataya para magkaayos
D. Iwanan ang pamilya at maghanap ng ibang kasama
18. Bakit mahalaga ang pagiging masunurin sa mga magulang?
A. Para mabigyan ka ng paboritong pagkain
B. Para ipakita ang respeto at pagmamahal sa kanila
C. Para makaiwas sa mga gawain sa bahay
D. Para maging masaya ang mga kapatid mo
19. Ano ang pinakamainam na gawin kapag inutusan ka ng magulang na gawin ang isang bagay na hindi mo gusto?
A. Magpanggap na hindi mo narinig
B. Sumunod nang may galang at kausapin ang magulang kung may tanong
C. Tumanggi nang direkta at magbigay ng dahilan
D. Gawin lamang kung may gantimpala
20. Paano mo mailalapat ang mga aral ng pananampalataya sa mga sitwasyon sa pamilya?
A. Sumunod lamang kapag may kapalit
B. Maging mapagpatawad at mapagkalinga sa mga kasapi ng pamilya
C. Iwasan ang mga gawain ng pamilya para hindi maabala
D. Ipagpaliban ang mga utos hanggang sa huli
21. Kapag may pagtatalo sa pagitan ng iyong mga kapatid, ano ang maaari mong gawin upang maipakita ang aral ng pananampalataya?
A. Makialam at sumali sa pagtatalo
B. Huwag pansinin ang pagtatalo
C. Tumulong upang maayos ang sitwasyon at magpatawad sa isa't isa
D. Sabihin sa kanila na hindi mo problema ang kanilang pagtatalo
22. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng mapagkalingang pakikitungo sa mga kasapi ng pamilya?
A. Pagtulong sa mga gawaing bahay kahit hindi inuutusan
B. Pagtulog buong araw para hindi makaistorbo
C. Pag-iwas sa anumang pagtatalo kahit tama ka
D. Pagtanggi sa mga gawain dahil gusto mong maglaro

23. Ano ang dapat mong gawin kung ang iyong magulang ay nagbigay ng payo na hindi mo naiintindihan?
A. Sundin agad kahit hindi malinaw
B. Magtanong nang maayos upang maliwanagan
C. Hindi na sundin dahil hindi mo naiintindihan
D. Sumunod kapag naintindihan mo na ang lahat
24. Bakit mahalaga ang paglalapat ng mga aral ng pananampalataya sa pamilya?
A. Para magkaroon ng kapangyarihan sa loob ng pamilya
B. Para gabayan ang pamilya tungo sa kapayapaan at kasiyahan
C. Para hindi mapagalitan ng magulang
D. Para magmukhang mabait sa harap ng ibang tao
25. Paano mo maipapakita ang pagiging masunurin at mapagkalinga kung may hinihingi ang iyong mga magulang na gawain sa bahay?
A. Gawin agad nang may galak sa puso at walang reklamo
B. Gawin ito pagkatapos mong maglaro
C. Sabihin na iba na lang ang gumawa
D. Ipagpaliban ang gawain hangga't gusto mo
26. Bakit mahalaga ang paglilinis ng tahanan?
a) Upang maiwasan ang gulo at magmukhang maayos ang paligid
b) Upang hindi mapansin ng iba ang kalat
c) Upang makaiwas sa trabaho ang ibang miyembro ng pamilya
d) Upang masabing ikaw ang pinakamalinis sa lahat
27. Paano mo maipapakita ang pagiging malinis sa paaralan?
a) Pag-iiwan ng kalat sa mesa pagkatapos kumain
b) Pagtatapon ng basura sa tamang lalagyan
c) Pag-iwas sa mga gawaing pangkalinisan dahil hindi ikaw ang nakatoka
d) Paghintay na linisin ng janitor ang silid-aralan
28. Kapag nakita mong marumi ang sahig sa inyong tahanan, ano ang tamang gawin?
a) Hayaan na lamang ito at maghintay ng maglilinis
b) Linisin ito kahit walang nagsabi sa iyo
c) Sisihin ang iba kung bakit marumi ang sahig
d) Ituro sa kapatid mo ang paglilinis nito
29. Ano ang tamang paraan ng pagtulong sa paglilinis ng silid-aralan?
a) Pagkuha ng mga kalat at pagtatapon nito sa tamang basurahan
b) Pagkakalat ng papel sa sahig pagkatapos gamitin
c) Pag-upo at hintaying linisin ng iba ang silid-aralan
d) Pagsabi na hindi ka bahagi ng cleaning committee
30. Paano mo maipapakita ang disiplina sa paglilinis ng iyong kapaligiran?
a) Gawin ang nakatakdang gawain nang kusa at hindi naghihintay ng utos
b) Hintaying linisin ng magulang o kaklase ang kalat
c) Magtago kapag oras na ng paglilinis
d) Magpanggap na may ibang mahalagang ginagawa

31. Alin sa sumusunod ang pinakamainam na gawin kung may napulot kang pitaka sa paaralan?
A. Itago ito at gamitin ang pera sa loob.
B. Iuwi ito at ipakita sa iyong pamilya.
C. Iwan ito sa sahig at huwag nang pansinin.
D. Ibalik ito agad sa may-ari o ipagbigay-alam sa guro.
32. Sa inyong barangay, may isang tindero na palaging nagbibigay ng tamang sukli at hindi nandaraya sa timbang. Ano ang ipinakikita niya?
A. Katapatan
B. Kasipagan
C. Pagkamapagbigay
D. Kabaitan
33. Bakit mahalaga ang katapatan sa isang pamayanan?
A. Upang maiwasan ang parusa at hindi mapagalitan.
B. Dahil ito ay nagpapalakas ng tiwala at respeto sa isa't isa.
C. Para makilala at hangaan ng ibang tao.
D. Dahil ito ay nagdudulot ng kayamanan sa bawat isa.
34. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng katapatan bilang pagsasabuhay ng pananampalataya?
A. Pagtatago ng isang bagay na hindi mo pag-aari.
B. Pagsisinungaling upang hindi mapagalitan.
C. Pagsasabi ng totoo kahit mahirap gawin ito.
D. Pagpapanggap na may alam kahit hindi totoo.
35. Ano ang maaaring maging bunga kung lahat ng tao sa pamayanan ay magiging matapat?
A. Magkakaroon ng tiwala at pagkakaisa ang bawat isa.
B. Magiging mahirap ang pamumuhay ng mga tao.
C. Madadagdagan ang bilang ng mga di-matapat na tao.
D. Mawawala ang respeto ng mga tao sa isa't isa.
36. Ano ang tamang gawin kung nakakita ka ng isang bagay na hindi iyo?
A. I-keep ito para sa sarili mo.
B. Ibigay ito sa ibang tao na hindi nakakaalam kung kanino ito.
C. Ibalik ito sa may-ari o i-report sa guro o mga nakatataas.
D. Itapon ito agad upang hindi magdulot ng kalituhan.
37. Paano mo maipapakita ang pagiging tapat sa iyong mga salita at gawa?
A. Pagbibigay ng maling impormasyon upang makuha ang gusto mo.
B. Pagsasabi ng totoo kahit mahirap at paggawa ng tama sa lahat ng pagkakataon.
C. Pagsunod sa mga kasunduan kahit hindi ito tama.
D. Pagpapanggap upang mapansin ng iba.
38. Ano ang isang halimbawa ng gawain ng katapatan sa pamayanan?
A. Pagbabalik ng nawawalang gamit sa tamang may-ari.
B. Pagiging sakim at hindi pagbibigay ng tulong sa nangangailangan.
C. Pagpapanggap na alam ang lahat upang magmukhang matalino.
D. Paglalang ng kwento tungkol sa ibang tao upang magmukhang mabuti.

39. Bakit mahalaga ang mga gawain ng katapatan sa pamayanan?
A. Dahil nakakatulong ito upang mapanatili ang kapayapaan at tiwala sa isa't isa.
B. Dahil mas madali ang buhay kapag hindi tapat.
C. Dahil ito ay makikinabang lamang sa mga nakakataas.
D. Dahil ang pagiging tapat ay hindi nakikinabang sa iba.
40. Paano nauugnay ang pagiging tapat sa pananampalataya ng isang tao?
A. Ang pagiging tapat ay hindi mahalaga sa pananampalataya.
B. Ang pagiging tapat ay hindi nauugnay sa pananampalataya.
C. Ang pagiging tapat ay nakikita lamang sa relihiyon.
D. Ang pagiging tapat ay isang pagpapakita ng pagsasabuhay ng mga aral ng relihiyon at pananampalataya.

ANSWER KEYS: GMRC

1. B
2. A
3. B
4. B
5. A
6. B
7. B
8. B
9. C
10. B
11. B
12. C
13. B
14. B
15. A
16. B
17. C
18. B
19. B
20. B
21. C
22. A
23. B
24. B
25. A
26. A
27. B
28. B
29. A
30. A
31. D
32. A
33. B
34. C
35. A
36. C
37. B
38. A
39. A
40. D